# KAILANGAN MAGING PARANG NYEBE NG MGA TAO

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,*
*Auzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,*
*Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Awwalin wal Akhirin,*
*Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,*
*Sheykh Abdullah Daghestani, Sheykh Nazim al-Haqqani. Dastur.*
*Tariqatunas sohba, wal khayru fil jamiyya.*

Mashallah, Alhamdulillah na maraming nyebe. Maputi kahit saan. Ito'y katulad ng tao na maputi sa una pero nagiging madumi paglipas ng panahon dahil sa mga kasalanan. Maganda ang itsura ng nyebe ngayon dahil maputi pa ito pero magiging pangit na ito kapag nalagyan na ng putik at dumi.

Ang kasalanan ng mga tao ay parang ganyan rin. Pinapakita nito ang pagkapangit ng isang tao at pagkawala ng kagandahan. Pero Maawain pa rin ang Allah sa mga tao. "Magbalik loob, humingi ng tawad at ika'y magiging mas maputi at malinis ulit." Sabi Niya. Kung ika'y nagkasala man sa gabi, magbalik loob sa Allah, humingi ng tawad at ika'y mas magiging maputi at napakalinis. Ika'y magiging mas maganda.

Ang mga kasalanan at pagkakamali ay kasamaan, dumi at pagkapangit lamang. Nililinlang ng Shaytan ang mga tao, pinapakita niyang maganda at mabuti ang mga masamang bagay. Pero, ito'y madumi at pangit pa rin. Wala ng iba. Ito ang katotohanan.

Binigyan tayo ng Allah ng pagkakataon na maglinis. Ika'y maaaring maging malinis sa pamamagitan ng Tawba at Istigfar. In Sha Allah, nawa'y maging malinis tayo lagi. Nawa'y lagi tayong magbalik loob sa Allah, humingi ng kapatawaran at maging magagandang tao. Nawa'y maging malinis na tao tayo In Sha Allah.

Wa Minallah at-Tawfeeq. Al-Fatiha.

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
12 January 2017/14 Rabiul Akhir 1438
Sabah Namaz, Akbaba Dargah